



**Tanggapan ng Kalihim**  
*Office of the Secretary*

DEC 29 2006

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN

Blg. 440 s. 2006

PAMBANSANG KONGRESO NG SANGFIL  
(Sanggunian sa Filipino)

Sa mga: Direktor Panrehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Pinuno ng mga Pampubliko at Pampribadong  
Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), na binubuo ng mga Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo't unibersidad sa pagtataguyod ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng Pambansang Kongreso sa Marso 1-2, 2007 sa Little Theater, Dr. Paz Adriano Hall, Kolehiyo ng Miriam, Katipunan Road, Loyola Heights, Lungsod Quezon.

2. Ang tema ng kongreso ay "Ang Paghaharap sa Hamon ng Kasalukuyang Kurikulum ng DepED at CHED: Implementasyon at Aplikasyon". Ang mga layunin ng kongreso ay:

- a. matalakay ang mga isyu kaugnay ng kasalukuyang kurikulum;
- b. mabigyang katugunan ang mga suliranin kaugnay ng implementasyon ng kasalukuyang kurikulum at;
- c. maipakita ang aplikasyon sa pagtuturo ng kasalukuyang kurikulum.

3. Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan sa Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad ang dapat dumalo sa kongresong ito. Maaari ring dumalo ang kaguruan buhat sa iba't ibang departamento o disiplina.

4. Ipadala ang inyong reserbasyon bago dumating ang Pebrero 16, 2007 kay:

Dr. Lilia F. Antonio  
Sekretarya-Heneral, SANGFIL  
IMC Compound, A. Ma. Regidor Street  
Area XI, UP Campus, Diliman  
Lungsod Quezon

5. Manggagaling sa pondong lokal ang bayad sa transportasyon mula sa pinanggalingang opisina o paaralan hanggang sa lugar ng kongreso at pagbalik. Para naman sa bayarin sa kongreso, tingnan ang nakatala sa ibaba:

Bayarin sa Kongreso		Bayad sa Pagpapamiyembro	
Rehistrasyon (non refundable)	P2,500.00 - bawat delegado para sa pagkain, hand-outs, and conference kit	Institusyon	P500
	P500.00 - bawat institusyon para sa taunang butaw (para sa mga institusyong miyembro na ng SANGFIL)	Indibidwal (Lifetime)	P500
		Yearly	P100

6. Ang 10% na diskuwento ay ibibigay para sa mga makakapagparehistro at makakapagbayad hanggang Pebrero 9, 2007.

7. Hinihingi ng maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

*Ramon C. Bacani*  
**RAMON C. BACANI**  
 Pangalawang Kalihim

Sanggunian: Wala  
 Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)  
 Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan  
 sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

- ✓ COMMUNICATION ARTS
- ✓ CONVENTIONS
- ✓ LANGUAGE
- ✓ SEMINARS
- ✓ SOCIETY or ASSOCIATIONS
- ✓ TEACHERS
- ✓ WORKSHOPS